



Naghahanda ang Lungsod ng Brampton na ligtas na umabante sa Ikalawang Hakbang sa Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas sa Hunyo 30

BRAMPTON, ON (Hunyo 24, 2021) – Kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan ng Ontario sa araw na ito, naghahanda ang Lungsod ng Brampton para ligtas na lumipat sa Ikalawang Hakbang ng Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas ngayong Miyerkules, Hunyo 30 sa 12:01 am. Ang hakbang na ito ay dalawang araw na maaga kaysa iskedyluh salamat sa mga indicator ng public health at sa pamimigay ng bakuna ng Lalawigan sa pakikipagtulungan ng mga lokal na unit ng public health, mga partner sa health care, mga munisipyo, at nagpapatuloy na dedikasyon sa ating komunidad.

Simula sa Hunyo 30, ang sumusunod na mga tuntunin at pamamaraan sa ilalim ng Ikalawang Hakbang ng Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas ay ipapatupad:

- Ang mga outdoor na pagtitipon-tipon ng mga tao at inorganisang mga event ng publiko ay hanggang 25 tao
- Ang mga indoor na pagtitipon-tipon ng mga tao at inorganisang mga event ng publiko ay hanggang limang tao
- Outdoor dining na hanggang anim na tao kada mesa
- Kapasidad ng napakahalagang retail na 50 porsyento
- Kapasidad ng hindi mahalagang retail na 25 porsiyento
- Mas malaking indoor na mga serbisyong panrelihiyon, mga ritwal, o mga seremonya, kabilang ang mga serbisyo sa kasal at mga serbisyo sa paglilibing, sa 25 porsyento habang ang mga outdoor ay limitado sa bilang ng mga taong makakapanatili sa 2 metrong distansya
- Mga overnight camp
- Pinapayagan ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga sa 25 porsyento hanggang pinakamarami 5 tao, kailangang isuot ang mga mask sa lahat ng oras at kinakailangan ang mga appointment
- Ang mga outdoor na pagpupulong at mga espasyo ng event ay limitado sa 25 porsyento habang ang mga indoor na pagpupulong at mga espasyo ng event ay sarado
- Limitado ang outdoor amusement at water parks sa 25 porsyento
- Pinapayagan ang outdoor na mga fitness class basta't mapapanatili ng mga tao ang 3 metrong distansya
- Mga outdoor sport na walang kontak o binago para maiwasan ang kontak, na may ilang paghihigpit na ipinapatupad
- Ang mga outdoor na lega ng sport, mga game at event ay limitado sa 25 porsyento
- Ang mga indoor na lega ng sport, mga game at event ay hindi pinapayagan maliban sa mga propesyonal na atleta/groups/day camps atbp.
- Limitado sa 25 porsyento ang outdoor na mga sinehan, performing arts, live music events at mga atraksyon



Ang Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas ay isang plano na tatlong-hakbang para maingat na muling magbukas ang lalawigan at dahan-dahang tanggalin ang mga pamamaraan ng public health batay sa rate ng pagbabakuna sa buong lalawigan at pagpapahusay sa mahalagang public health at mga indicator ng health care.

Basahin ang News Release ng Lalawigan [dito](#).

Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod

Outdoor na Panlibangang mga Amenidad ng Lungsod

Kabilang sa available na mga outdoor na panlibangang amenidad sa panahon ng Ikalawang Hakbang ang golf courses at driving ranges, soccer at iba pang sports fields, baseball diamonds at batting cages, tennis at basketball courts, lawn bowling at bocce, BMX at skate parks, at wading pools at splash pads. Nakaiskedyul na muling magbukas ang Professor's Lake beach at Eldorado Park outdoor pool para sa season sa Hunyo 30, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng tubig.

Para sa mga timeline ng muling pagbubukas at mga detalye kaugnay ng mga parametro na pangkalusugan at pangkaligtasan sa COVID-19 para sa partikular na mga amenidad ng Lungsod, pakibisita ang www.brampton.ca/summerfun.

Mga Splash Pad at Wading Pool

Ang mga Splash Pad ng Lungsod ay bukas araw-araw mula 10 am hanggang 9 pm. Ang wading pool sa Chinguacousy Park ay bukas para sa araw-araw na pagbisita simula Hunyo 26 mula 10 am hanggang 8 pm, kung maganda ang panahon. Iniuutos ang paglayo mula sa iba at hinihiling ang mga residente na tasahin ang mga sarili kung may sintomas ng COVID-19 bago pumasok. Ang isang talaan ng mga lokasyon ng splash pad at wading pool at mga oras ng operation ay makikita [dito](#).

Mga Summer Camp

Personal na mga Summer Camp

Ang personal na mga summer camp para sa mga bata at kabataan ay magsisimula sa Hulyo 5. Pwede pa ring magpa-register online sa www.brampton.ca/reccamps. Kabilang sa mga camp ang mga aktibidad tulad ng games, sports, crafts at marami pa, Lunes hanggang Biyernes 8:45 am hanggang 5:15 pm. Ang linggo ng Agosto 2 ay tatakbo bilang pinaikling linggo dahil sa public holiday. Mag-iiba-iba ang bayad. Tawagan ang 311 o bisitahin ang www.brampton.ca/reccamps para magpa-register.

Mga Birtwal na Camp

Ang mga birtwal na camp ay nag-aalok sa mga kalahok na edad 4 hanggang 6 at 6 hanggang 10 ng pagkakataon na magkaroon ng bagong mga kaibigan, dagdagan ang mga social skill, at magtrabaho sa magagandang proyekto sa kanilang sariling bilis habang nakihalubilo nang aktwal sa kanilang mga peer at pamilya. Magiging available din ang mga Inclusion na Birtwal na Camp para sa mga kalahok na edad 6 hanggang 13 at 14 hanggang 20. Ang mga programa ay pangungunahan ng bihasang mga instructor ng Lungsod ng Brampton gamit ang WebEx platform. Pwedeng mag-register sa www.brampton.ca/recathome.

Mga pagbabakuna



Ang sinuman na naninirahan, nagtatrabaho, o pumapasok sa paaralan sa Peel, at 12 taong gulang o higit pa ay pwedeng i-book ang kanilang appointment sa kanilang unang dosis.

Ang panahon sa pagitan ng una at ikalawang dosis ay kailangang di bababa sa 28 araw para sa mga indibidwal na 18 taong gulang at higit pa, at di bababa sa 8 linggo para sa kabataan na 12 hanggang 17 taong gulang.

Simula Hunyo 27, ang kabataan na 12 hanggang 17 taong gulang ay pwede nang mag-book o muling iiskedyul ang kanilang ikalawang dosis

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [portal ng bakuna](#) ng Lalawigan

Mga Link

- [Mga programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad

Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca